

Kasanayan sa Akademikong Pagsulat Bilang Batayan sa Pagbuo ng Self-Learning Kit

Jucelyn B. Ombao

Sorsogon State University

ombao.jucelyn@sorsu.edu.ph

Petsa ng Pagsumite:

Hulyo 01, 2026

Petsa ng Pagtanggap:

Hulyo 17, 2026

Petsa ng Paglathala:

Hulyo 24, 2026

DOI:

10.5281/zenodo.21534741

Abstrak

Ang akademikong pagsulat ay isang mahalagang bahagi ng literasiyang akademiko at isang pangunahing kasanayan sa mataas na edukasyon sapagkat nagbibigay-daan ito sa mga mag-aaral na maipahayag ang kanilang mga ideya nang mapanuri, makabuo ng mga argumentong nakabatay sa ebidensiya, at mabisang makalahok sa diskursong akademiko. Nilayon ng pag-aaral na ito na tukuyin ang antas ng kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral sa unang taon ng Bachelor of Secondary Education (BSEd) na may medyor sa Filipino batay sa nilalaman, organisasyon, at mekaniks. Tininyak din ng pag-aaral ang antas ng kanilang kasanayan sa akademikong pagsulat, natukoy ang mga hamong kanilang

nararanasan sa pagsulat ng sanaysay, at ginamit ang mga natuklasan bilang batayan sa pagbuo ng isang Self-Learning Kit na magpapataas sa kanilang kasanayan sa akademikong pagsulat. Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibong sarbey na nilahukan ng dalawampu't limang (25) piling mag-aaral sa unang taon ng BSEd na may medyor sa Filipino sa pamamagitan ng purposive sampling. Isinagawa ang pangangalap ng datos sa pamamagitan ng isang balidong gawaing pagsulat ng sanaysay na may itinakdang oras at sinuri gamit ang limang antas na analitikong rubrik sa pagmamarka, gayundin ng isang talatanungang binuo ng mananaliksik na gumagamit ng Likert scale. Sinuri ang mga sanaysay batay sa nilalaman, organisasyon, at mekaniks, samantalang ginamit ang talatanungan upang matukoy ang mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat. Sinuri ang mga nakalap na datos sa pamamagitan ng frequency count, bahagdan, weighted mean, at independent-samples t-test. Ipinakita ng mga natuklasan na mas mataas ang antas ng kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga babaeng mag-aaral kaysa sa mga lalaking mag-aaral, lalo na sa aspekto ng nilalaman at organisasyon, samantalang parehong nakapagtala ng mas mababang pagganap ang dalawang pangkat sa mekaniks. Natukoy rin ng mga respondente na ang paulit-ulit o labis na pag-uulit ng mga ideya, limitadong bokabularyong akademiko, hindi malinaw na pangunahing ideya, at kakulangan sa oras ang pinakakaraniwang hamong kanilang nararanasan sa akademikong pagsulat. Batay sa mga natuklasang ito, nakabuo ng isang Self-Learning Kit na naglalaman ng mga estrukturado at nakasentro sa mag-aaral na mga gawaing pampagkatuto upang matugunan ang mga natukoy na pangangailangan sa pagsulat at higit pang mapataas ang kanilang kasanayan sa akademikong pagsulat. Nag-aambag ang pag-aaral na ito sa pagpapaunlad ng literasiyang akademiko, pagpapahusay ng pagtuturo ng wikang Filipino, at pagsuporta sa pagkamit ng Sustainable Development Goal 4 (Quality Education) sa pamamagitan ng pagbibigay ng isang kagamitang panturo na nakabatay sa ebidensiya upang higit na mapahusay ang pagtuturo ng akademikong pagsulat sa antas tersyarya.

Mga Susing Salita: *akademikong pagsulat, kasanayan sa akademikong pagsulat, nilalaman, organisasyon, mekaniks, self-learning kit*

INTRODUKSIYON

Ang akademikong pagsulat ay isang mahalagang kasanayan sa antas tersyarya sapagkat ito ang pangunahing midyum sa pagbuo, pagsusuri, at pagpapalaganap ng kaalamang akademiko. Sa pamamagitan nito, nahuhubog ang kakayahan ng mga mag-aaral na kritikal na suriin ang mga konsepto sa kanilang disiplina, pagsama-samahin ang impormasyong nagmumula sa iba't ibang sanggunian, at maipahayag ang mga argumentong nakabatay sa ebidensiya gamit ang angkop na kumbensiyon sa akademikong pagsulat (Castelló, 2022; Du & List, 2020). Dahil dito, kinikilala ang akademikong pagsulat bilang mahalagang bahagi ng literasiyang akademiko at isa sa mga pangunahing kasanayang kinakailangan upang magtagumpay sa mataas na edukasyon.

Sa konteksto ng Pilipinas, binibigyang-diin ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) na ang Filipino ay hindi lamang pambansang wika kundi isa ring intelektuwalisadong wika na may kakayahang magsilbing midyum sa akademikong diskurso, pananaliksik, at komunikasyong propesyonal. Dahil dito, mahalagang malinang ang kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral, lalo na ng mga kumukuha ng medyor sa Filipino, upang higit na mapagtibay ang paggamit ng Filipino bilang wika ng akademya at ng pananaliksik.

Pinagtutibay ang layuning ito ng Commission on Higher Education (CHED) sa pamamagitan ng balangkas ng Outcomes-Based Education (OBE) at ng *General Education Curriculum* sa ilalim ng CHED Memorandum Order (CMO) Blg. 20, s. 2013, na nagbibigay-diin sa paglinang ng kritikal na pag-iisip, mabisang komunikasyon, at literasiyang akademiko bilang mahahalagang inaasahang bunga ng pagkatuto. Ang akademikong pagsulat ay konkretong manipistasyon ng mga kasanayang ito sapagkat hinuhubog nito ang kakayahan ng mga mag-aaral na makabuo ng lohikal na argumento, magsuri ng mga ebidensiya, at maipahayag ang mga kaisipan sa sistematiko at organisadong paraan.

Kaakibat nito, ang pagpapaunlad ng kasanayan sa akademikong pagsulat ay nakatutulong din sa pagsasakatuparan ng Sustainable Development Goal (SDG) 4 o Quality Education, na naglalayong matiyak ang inklusibo at patas na kalidad ng edukasyon at maisulong ang panghabambuhay na pagkatuto para sa lahat. Gayundin, nakatutulong ito sa pagsuporta sa Sustainable Development Goal 10 o Reduced Inequalities, sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga mag-aaral ng pantay na pagkakataong malinang ang mga kasanayang kinakailangan upang maging matagumpay sa akademya anuman ang kanilang lingguwistiko at pang-edukasyong pinagmulan.

Sa kabila ng mga layuning ito sa edukasyon, marami pa ring mag-aaral sa unang taon ng kolehiyo ang nakararanas ng iba't ibang hamon sa akademikong pagsulat. Kabilang dito ang kahirapan sa pagbuo ng malinaw at magkakaugnay na pangunahing ideya, lohikal na pag-oorganisa ng impormasyon, paggamit ng angkop na bokabularyong akademiko, pagsasama-sama ng impormasyon mula sa iba't ibang sanggunian, at wastong paggamit ng mga tuntuning panggramatika at mekaniks ng pagsulat. Dahil sa mga hamong ito, nalilimitahan ang kanilang kakayahang makalikha ng mga sanaysay na nagpapakita ng kritikal na pag-iisip at mataas na pamantayang akademiko.

Ipinakikita ng mga naunang pag-aaral na ang mahusay na akademikong pagsulat ay nangangailangan ng kakayahang pagsama-samahin ang mga ideya mula sa iba't ibang teksto, kritikal na suriin ang mga ebidensiya, at makabuo ng magkakaugnay na argumento, dahilan upang maituring itong isa sa mga pinakamasalimuot na gawaing pangkaisipan sa akademya (Du & List, 2020; Barzilay et al., 2021). Dagdag pa rito, napauunlad ang kasanayan sa pagsulat sa pamamagitan ng malinaw na pagtuturo, gabay na pagsasanay, at mga makabuluhang karanasan sa pagsulat na nagpapataas ng tiwala sa sarili at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa proseso ng pagsulat (Alkema et al., 2023; Aitken & Graham, 2023).

Hindi lamang mekaniks ng pagsulat ang saklaw ng literasiyang akademiko. Kabilang din dito ang mga paniniwala, gawi, at pakikilahok ng mga mag-aaral sa akademikong pagbasa at pagsulat, na may malaking impluwensiya sa kanilang kabuuang pagganap sa pagsulat (Franco, 2023). Binibigyang-diin ng mga natuklasang ito ang pangangailangan ng mga institusyon ng mataas na edukasyon na patuloy na linangin ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral at magpatupad ng mga estratehiyang pedagohikal na tumutugon sa kanilang mga pangangailangan sa pagkatuto.

Sa ganitong kalagayan, kinakailangang magsagawa ng isang empirikal na pag-aaral hinggil sa antas ng kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral sa unang taon ng Bachelor of Secondary Education (BSEd) na may medyor sa Filipino, lalo na sa pagsulat ng sanaysay. Nilalayon ng pag-aaral na ito na matukoy ang kanilang antas ng kasanayan sa akademikong pagsulat, matukoy ang mga hamong kanilang kinakaharap sa proseso ng pagsulat, at makapagmungkahi ng mga interbensiyong panturo na makatutulong sa higit pang pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa akademikong pagsulat.

Sa kabuuan, layunin ng pag-aaral na makapag-ambag sa pagpapahusay ng pagtuturo ng wikang Filipino, pagpapaunlad ng literasiyang akademiko ng mga magiging guro sa Filipino, at patuloy na intelektuwalisasyon ng wikang Filipino sa mataas na edukasyon. Sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa akademikong pagsulat, inaasahan ding makatutulong ang pag-aaral sa pagsusulong ng Sustainable Development Goal 4 (Quality Education) at Sustainable Development Goal 10 (Reduced Inequalities), na parehong nagtataguyod ng pantay na akses sa de-kalidad na edukasyon at paglinang ng mga kasanayang kinakailangan sa panghabambuhay na pagkatuto at makabuluhang pakikilahok sa lipunan.

Layunin ng Pag-aaral

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang antas ng kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral sa unang taon ng Bachelor of Secondary Education (BSEd) na may medyor sa Filipino. Tiyak nitong sinagot ang sumusunod na mga katanungan: 1. Ano ang antas ng kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral batay sa: a. nilalaman; b. organisasyon; at c. mekaniks? 2. Ano ang mga kalakasan at kahinaan ng mga mag-aaral batay sa mga aspekto ng kasanayan sa akademikong pagsulat? 3. Ano ang mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng mga tekstong akademiko? At 4. Ano ang gawaing pampagkatuto o interbensiyong panturo upang mapataas ang kasanayan sa akademikong pagsulat?

METODOLOHIYA

Gumamit ang pag-aaral na ito ng deskriptibong sarbey upang matukoy ang antas ng kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral sa unang taon ng Bachelor of Secondary Education (BSEd) na may medyor sa Filipino. Ang disenyong ito ay angkop sapagkat nagbibigay-daan ito sa sistematikong paglalarawan ng kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga respondente at ng mga hamong kanilang nararanasan sa pagsulat ng sanaysay. Nagsilbi rin ang mga natuklasan bilang batayan sa pagbuo ng isang Self-Learning Kit na naglalayong matugunan ang mga natukoy na pangangailangan sa pagkatuto at higit pang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa akademikong pagsulat.

Binubuo ang mga respondente ng dalawampu't limang (25) mag-aaral sa unang taon ng Bachelor of Secondary Education (BSEd) na may medyor sa Filipino na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling. Ginamit ang paraang ito upang matiyak na ang mga kalahok ay may mga katangiang angkop sa layunin ng pag-aaral, partikular ang kanilang pag-aaral sa programang Filipino at ang kanilang aktibong pagganap sa mga gawaing akademikong pagsulat na kinakailangan sa kanilang kurso.



Dalawang instrumento ang ginamit sa pangangalap ng datos. Ang una ay isang gawaing pagsulat ng sanaysay na may itinakdang oras, na pinamagatang "*Ang Kahalagahan ng Akademikong Pagsulat sa Buhay ng Isang Mag-aaral*." Binigyan ang mga respondente ng isang (1) oras upang makabuo ng sanaysay na may haba na 300 hanggang 500 salita. Sinuri ang mga sanaysay gamit ang isang limang antas na analitikong rubrik sa pagmamarka na sumasaklaw sa tatlong dimensiyon ng kasanayan sa akademikong pagsulat: nilalaman, organisasyon, at mekaniks. Ang nilalaman ay tumutukoy sa kaugnayan, kalinawan, kasapatan, at paglinang ng mga ideya; ang organisasyon ay tumutukoy sa lohikal na pagkakasunod-sunod, pagkakaugnay-ugnay, at kabuuang estruktura ng sanaysay; samantalang ang mekaniks ay tumutukoy sa wastong paggamit ng balarila, pagbabaybay, bantas, malaking titik, at iba pang kumbensiyon sa akademikong pagsulat.

Ang ikalawang instrumento ay isang talatanungang binuo ng mananaliksik na gumagamit ng limang antas na Likert scale upang matukoy ang mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat. Saklaw ng talatanungan ang mga aspektong may kaugnayan sa paglinang ng nilalaman, organisasyon ng mga ideya, mekaniks, bokabularyong akademiko, kasanayan sa paggamit ng wika, motibasyon, at pamamahala ng oras.

Bago isagawa ang aktuwal na pangangalap ng datos, isinailalim muna sa paunang pagsubok (dry run) ang mga instrumento sa piling mga mag-aaral ng Bachelor of Elementary Education (BEED) na hindi kabilang sa mga aktuwal na respondente ng pag-aaral. Layunin nito na matiyak ang kalinawan ng mga panuto, angkop na paksa ng sanaysay, sapat na oras sa pagsulat, at pagiging madaling maunawaan ng mga pahayag sa talatanungan. Ang mga mungkahing nakuha mula sa paunang pagsubok ay naging batayan sa pagrerebisa at pagpapahusay ng mga instrumento bago ito gamitin sa aktuwal na pangangalap ng datos.

Matapos makuha ang kinakailangang pahintulot mula sa mga kinauukulang awtoridad ng pamantasan, isinagawa ng mananaliksik ang pangangalap ng datos sa regular na oras ng klase ng mga respondente. Una nilang isinagawa ang gawaing pagsulat ng sanaysay sa loob ng itinakdang isang oras sa ilalim ng kontroladong kondisyon. Pagkatapos nito ay sinagutan nila ang talatanungan tungkol sa mga hamong kanilang nararanasan sa akademikong pagsulat.

Sinuri ng mananaliksik ang lahat ng nakalap na sanaysay. Upang matiyak ang pagiging pare-pareho ng proseso ng pagtataya, ginamitan ang lahat ng sanaysay ng iisang limang antas na analitikong rubrik sa pagmamarka na may malinaw na pamantayan sa pagtataya ng nilalaman, organisasyon, at mekaniks. Sa pamamagitan nito, naging pare-pareho at obhetibo ang pagsusuri sa antas ng kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga respondente.

Sinuri ang mga nakalap na datos gamit ang mga angkop na pamamaraang estadistikal. Ginamit ang frequency count at bahagdan upang mailarawan ang mga respondente at matukoy ang mga hamong kanilang nararanasan sa akademikong pagsulat. Ginamit naman ang weighted mean upang matukoy ang antas ng kanilang kasanayan batay sa nilalaman, organisasyon, at mekaniks. Samantala, ginamit ang independent-samples t-test upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga lalaki at babaeng mag-aaral.

Binigyang-kahulugan ang mga iskor batay sa sumusunod na deskriptibong katumbas: 4.20–5.00 (Napakahusay), 3.40–4.19 (Mahusay), 2.60–3.39 (Katamtaman), 1.80–2.59 (Di-gaano Mahusay), at 1.00–1.79 (Nangangailangan ng Malaking Pagpapabuti). Ang mga natuklasan sa pagtataya at ang mga natukoy na hamon sa pagsulat ang nagsilbing batayan sa pagbuo ng nilalaman, mga gawaing pampagkatuto, at mga pagsasanay sa pagsulat na isinama sa Self-Learning Kit. Ang kagamitang ito ay idinisenyo upang

matugunan ang mga natukoy na kahinaan ng mga respondente sa paglinang ng nilalaman, organisasyon, mekaniks, pagpapalawak ng bokabularyong akademiko, at kahusayan sa pagsulat.

Isinaalang-alang din sa buong proseso ng pag-aaral ang mga pamantayang etikal sa pananaliksik. Bago isagawa ang pangangalap ng datos, humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa mga kinauukulang awtoridad ng pamantasan. Kusang-loob ang paglahok ng mga respondente, at ipinaliwanag sa kanila ang layunin ng pag-aaral. Tiniyak din sa kanila na mananatiling kompidensiyal ang lahat ng impormasyong kanilang ibibigay at gagamitin lamang para sa layuning akademiko at pananaliksik. Upang mabawasan ang posibilidad ng pagkiling sa pagtataya, sinuri ang lahat ng sanaysay gamit ang iisang pamantayang analitikong rubrik na may malinaw at pare-parehong deskriptor ng pagganap na inilapat sa lahat ng respondente.

MGA RESULTA AT TALAKAYAN

Inilalahad sa bahaging ito ang pagsusuri at interpretasyon ng mga datos na nakalap hinggil sa Kasanayan sa Akademikong Pagsulat Bilang Batayan sa Pagbuo ng Self-Learning Kit. Inihanay ang mga nakalap na datos sa pamamagitan ng mga talahanayan upang maging malinaw at sistematiko ang paglalahad at pagsusuri ng antas ng kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral sa unang taon ng antas tersyarya.

Antas ng Kasanayan sa Akademikong Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Unang Taon sa Antas Tersarya

Talahanayan 1				
<i>Antas ng Kasanayan sa Akademikong Pagsulat ng mga Babae at Lalaking Mag-aaral</i>				
Akademikong Pagsulat	Babae ($\bar{x}$)	Antas ng Kasanayan	Lalaki ($\bar{x}$)	Antas ng Kasanayan
Nilalaman	4.14	Mahusay	3.21	Katamtaman
Organisasyon	2.81	Katamtaman	2.55	Di-Gaanong Mahusay
Mekaniks	1.98	Di-Gaanong Mahusay	1.91	Di-Gaanong Mahusay

Sa Talahanayan 1 ay makikita ang antas ng kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga babae at lalaking mag-aaral sa unang taon ng Bachelor of Secondary Education (BSEd) na may medyor sa Filipino. Batay sa mga resulta, mas mataas ang naging pagganap ng mga babaeng mag-aaral kaysa sa mga lalaking mag-aaral sa lahat ng aspekto ng akademikong pagsulat.

Sa aspekto ng nilalaman, nakapagtala ang mga babaeng mag-aaral ng mean na 4.14, na may deskriptibong katumbas na Mahusay, samantalang nakakuha ang mga lalaking mag-aaral ng mean na 3.21, na may katumbas na Katamtaman. Sinusukat ng aspektong ito ang kakayahan ng mga mag-aaral na makabuo ng malinaw, sapat, at makabuluhang mga ideya na may kaugnayan sa paksang tinatalakay. Ipinakikita ng mga resulta na higit na mahusay ang mga babaeng mag-aaral sa paglinang at pagpapahayag ng mga ideya, na nagpapahiwatig ng higit na kalinawan at lalim ng kanilang nilalaman kumpara sa mga lalaking mag-aaral.

Sa aspekto naman ng organisasyon, nakapagtala ang mga babaeng mag-aaral ng mean na 2.81 (Katamtaman), samantalang nakakuha ang mga lalaking mag-aaral ng mean na 2.55 (Di-gaano Mahusay). Tinutukoy ng aspektong ito ang lohikal na pagkakasunod-sunod ng mga ideya, pagkakaugnay-ugnay ng mga pangungusap at talata, at ang maayos na estruktura ng introduksiyon, katawan, at kongklusyon ng sanaysay.

Batay sa pagsusuri ng mga naisulat na sanaysay, ilan sa mga karaniwang hamong natukoy ay ang maling pagbabaybay, hindi angkop na paggamit ng mga salita, at maling pagkakasunud-sunod ng mga salita sa pangungusap, na nagiging sanhi ng pagkalabo ng kahulugan. Batay rin sa impormal na panayam ng mananaliksik sa mga respondente, lumitaw na hindi pa ganap na nalilinan ang kanilang kaalaman sa wastong estruktura ng pangungusap. Halimbawa, madalas nilang napagpapalit ang paggamit ng mga salitang "sundan" at "sundin," na may magkaibang kahulugan sa paggamit. Ipinakikita ng mga natuklasang ito na higit na maayos ang daloy at organisasyon ng mga ideya sa mga sanaysay ng mga babaeng mag-aaral, bagaman kapwa nangangailangan ng karagdagang pagsasanay ang dalawang pangkat upang higit pang mapahusay ang organisasyon ng kanilang mga sulatin.

Sa aspekto ng mekaniks, parehong nakapagtala ng mababang pagganap ang mga babae at lalaking mag-aaral. Ang mga babaeng mag-aaral ay may mean na 1.98, samantalang ang mga lalaking mag-aaral ay may mean na 1.91, na parehong may deskriptibong katumbas na Di-gaano Mahusay. Sinusukat ng mekaniks ang wastong paggamit ng balarila, pagbabaybay, bantas, malaking titik, at iba pang kumbensiyon sa akademikong pagsulat.

Kabilang sa mga karaniwang pagkakamaling natukoy ang hindi wastong paggamit ng mga bantas, gaya ng maling paglalagay ng kuwit at gitling sa mga salitang inuulit (halimbawa, *iba't iba*), hindi pareparehong paggamit ng malaki at maliit na titik, at ang impluwensiya ng makabagong teknolohiya sa paraan ng pagsulat, na nagreresulta sa hindi konsistent na paggamit ng mga bantas at malaking titik. Ipinahihiwatig ng mga resultang ito na kinakailangan pa ng mas maraming pagsasanay at paggabay upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa mekaniks ng pagsulat.

Sa kabuuan, mas mataas ang composite mean ng mga babaeng mag-aaral kaysa sa mga lalaking mag-aaral, na nagpapahiwatig ng mas mataas na antas ng kanilang kasanayan sa akademikong pagsulat. Higit na malinaw ang kanilang pagpapahayag ng mga ideya at mas organisado ang kanilang mga sulatin. Nakitaan din sila ng mas mahusay na pagsunod sa mga teknikal na aspekto ng pagsulat. Gayunpaman, ipinakikita ng mga resulta na parehong nangangailangan ang dalawang pangkat ng higit pang pagpapaunlad, lalo na sa aspekto ng mekaniks, upang makalikha ng mas mabisa, organisado, at mataas ang kalidad na mga sulating akademiko. Dahil dito, mahalagang magpatupad ang mga guro ng mga gawaing pampagsulat at mga interbensiyong panturo na higit na magpapalakas sa kasanayan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat.

Kahusayan at Kahinaan ng mga Mag-aaral sa mga Aspekto sa Akademikong Pagsulat

Talahanayan 2

Bahagdan ng Kahusayan at Kahinaan ng mga Babae at Lalaking Mag-aaral sa Bawat Aspekto

Aspekto	Babae (n=17)	%	Lalaki (n=8)	%
a. Nilalaman	10	59%	3	38%
b. Organisasyon	6	35%	2	25%
c. Mekaniks	5	29%	1	13%

Makikita sa Talahanayan 2 ang kahusayan at kahinaan ng mga babae at lalaking mag-aaral sa akademikong pagsulat batay sa tatlong aspekto: nilalaman, organisasyon, at mekaniks.

Sa aspekto na nilalaman, higit na maraming babaeng mag-aaral ang naitalang mahusay sa pagsulat, kung saan 10 (59%) sa kanila ang nakamit ang antas ng kahusayan, samantalang 3 (38%) lamang sa mga lalaking mag-aaral ang umabot sa parehong antas. Ipinakikita ng mga resultang ito na mas mahusay na naipahahayag ng mga babaeng mag-aaral ang malinaw, makabuluhan, at komprehensibong mga ideya sa

kanilang mga sulatin. Ipinahihiwatig din nito na higit nilang napauunlad ang mga konsepto at naiuugnay ang mga ito sa paksang tinatalakay.

Sa aspekto naman ng organisasyon, bumaba ang bahagdan ng mga mag-aaral na nakitaan ng kahusayan sa parehong pangkat. Gayunpaman, nananatiling mas mataas ang bilang ng mga babaeng mag-aaral (6 o 35%) kaysa sa mga lalaking mag-aaral (2 o 25%). Ipinakikita nito na bagama't may kakayahan ang mga respondente na ayusin ang kanilang mga ideya sa lohikal na paraan, kinakailangan pa ng higit na pagsasanay upang higit na mapaunlad ang pagkakaugnay-ugnay ng mga pangungusap at talata, lalo na sa hanay ng mga lalaking mag-aaral.

Pinakamababa naman ang naging pagganap ng mga respondente sa aspekto ng mekaniks. Tanging 5 (29%) na babaeng mag-aaral at 1 (13%) na lalaking mag-aaral lamang ang naitalang mahusay sa aspektong ito. Ipinakikita ng resulta na ang wastong paggamit ng balarila, pagbabaybay, bantas, at iba pang kumbensiyon sa akademikong pagsulat ang nananatiling pangunahing hamon ng mga mag-aaral. Dahil dito, kinakailangan ang mas masinsinang pagsasanay at patuloy na paggabay upang higit na mapaunlad ang kanilang kasanayan sa teknikal na aspekto ng pagsulat.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga resulta na higit na mahusay ang pagganap ng mga mag-aaral sa nilalaman kaysa sa organisasyon at mekaniks. Lumitaw rin na mas mataas ang pagganap ng mga babaeng mag-aaral kaysa sa mga lalaking mag-aaral sa lahat ng aspekto ng akademikong pagsulat. Ipinahihiwatig ng mga natuklasang ito na bagama't may kakayahan ang mga mag-aaral na makabuo at makapagpahayag ng mga ideya, kinakailangan pa ng higit na pagbibigay-pansin sa pagpapaunlad ng organisasyon at lalo na ng mekaniks ng pagsulat upang makalikha sila ng mas malinaw, organisado, at mataas ang kalidad na mga sulating akademiko.

Ang Hamong Kinakaharap ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Akademikong Sulatin

Talahanayan 3

Hamong Kinakaharap ng mga Mag-aaral sa Pagsulat

Hamong Kinakaharap	f (25)	Ranggo
Kakulangan ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay.	4	9
Hindi malinaw ang pangunahing ideya.	7	6
Kakulangan sa organisadong balangkas.	8	5
Hirap sa pagbuo ng talata.	2	10
Paulit-ulit o paligoy-ligoy na ideya.	21	1
Kakulangan sa suporta sa ideya.	7	6
Limitadong talasalitaang akademiko.	5	8
Kakulangan ng oras.	15	2
Kakulangan sa interes sa pagsulat.	9	4
Kakulangan sa kasanayan sa gamit ng wika.	15	2

Batay sa Talahanayan 3, inilalahad ang mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa unang taon ng antas tersyarya sa akademikong pagsulat. Lumitaw na ang paulit-ulit o labis na pag-uulit ng mga ideya ang pangunahing hamong kinakaharap ng mga respondente ($f = 21$, Ranggo 1). Ipinakikita nito na nahihirapan ang karamihan sa mga mag-aaral na maipahayag ang kanilang mga kaisipan nang malinaw, tuwiran, at organisado.

Pumangalawa sa mga hamon ang kakulangan sa oras at hindi sapat na kasanayan sa paggamit ng wika ($f = 15$). Ipinahihiwatig nito na may mga limitasyon ang mga mag-aaral sa epektibong pamamahala ng oras at sa mga teknikal na aspekto ng pagsulat, kabilang ang wastong paggamit ng balarila, pagbabaybay, at mga bantas. Samantala, ang kawalan ng interes sa pagsulat ($f = 9$, Ranggo 4) ay nagpapakita na may ilang mag-aaral na kulang sa motibasyon, na maaaring makaapekto sa kalidad ng kanilang mga sulating akademiko.

Nasa Ranggo 5 at 6 naman ang kakulangan sa organisadong estruktura ng sulatin ($f = 8$) at ang hindi malinaw na pangunahing ideya at kakulangan sa mga suportang detalye ($f = 7$). Ipinakikita ng mga resultang ito ang pangangailangang higit pang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa maayos na pag-oorganisa ng mga ideya at sa paggamit ng sapat na ebidensiya o mga halimbawang sumusuporta sa kanilang mga argumento. Samantala, ang limitadong bokabularyong akademiko ($f = 5$, Ranggo 8) at kakulangan sa kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ($f = 4$, Ranggo 9) ay nagpapahiwatig ng pangangailangang mapalawak ang kanilang bokabularyo at mabigyan ng sistematiko at tuloy-tuloy na pagsasanay sa akademikong pagsulat. Bagama't ang kahirapan sa pagbuo ng talata ($f = 2$, Ranggo 10) ang may pinakamababang bilang ng mga tumugon, nananatili itong mahalagang kasanayang dapat malinang sapagkat nagsisilbi itong pundasyon ng malinaw at mabisang akademikong pagsulat.

Ayon kay Deramas (2022), ang kalidad ng edukasyon sa Pilipinas ay patuloy na nahaharap sa iba't ibang hamon dulot ng kakulangan sa mga pasilidad at mga gawaing pampagkatuto, kaya kinakailangan ng higit na suporta mula sa pamahalaan upang mapataas ang kalidad ng edukasyon. Binanggit din sa pag-aaral na may mga salik na humahadlang sa epektibong pagkatuto, tulad ng kawalan ng interes na dulot ng impluwensiya ng makabagong teknolohiya, limitadong bokabularyo sa Filipino, at mga maling paggamit ng wika na kaugnay ng pag-usbong ng mga bagong salitang hindi pa naisasama sa mga umiiral na sangguniang pangwika.

Samantala, binigyang-diin ni Mingo (2020) na ang mahusay na pagsulat ay nangangailangan ng kakayahang mag-ugnay ng mga ideya, maging obhetibo sa paglalalahad, at magkaroon ng kamalayan sa mga napapanahong isyung panlipunan na karaniwang naipalalaganap sa iba't ibang midya. Ipinakikita nito na ang akademikong pagsulat ay hindi lamang nakasalalay sa kahasayan sa mga teknikal na aspekto ng wika kundi maging sa kakayahang maunawaan ang mas malawak na kontekstong panlipunan upang makalikha ng mapanuri, mapagkakatiwalaan, at makabuluhang mga tekstong akademiko.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga natuklasan na ang mga pangunahing hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat ay may kaugnayan sa kalinawan ng pagpapahayag ng mga ideya, kasanayan sa paggamit ng wika, at pamamahala ng oras. Nadaragdagan pa ang mga hamong ito ng limitadong bokabularyong akademiko at kakulangan ng motibasyon sa pagsulat. Bagama't nagpapakita ang mga mag-aaral ng kakayahan sa ilang aspekto ng akademikong pagsulat, ipinahihiwatig ng mga resulta ang pangangailangan ng mas sistematikong pagtuturo, tuloy-tuloy na pagsasanay, at angkop na interbensiyong panturo upang higit pang mapaunlad ang kanilang kasanayan at makalikha sila ng mas epektibo at mataas na kalidad na mga sulating akademiko.

Self-Learning Kit Bilang Interbensiyong Panturo sa Pagpapataas ng Kasanayan sa Akademikong Pagsulat

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, nakabuo ang mananaliksik ng isang Self-Learning Kit bilang interbensiyong panturo upang matugunan ang mga tiyak na pangangailangan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral sa unang taon ng Bachelor of Secondary Education (BSEd) na may medyor sa Filipino. Ang pagbuo ng kagamitang panturong ito ay ibinatay sa mga natukoy na kahasayan at kahinaan ng mga



respondente sa nilalaman, organisasyon, at mekaniks, gayundin sa mga hamong kanilang naranasan sa akademikong pagsulat, tulad ng paulit-ulit na paglalahad ng mga ideya, limitadong bokabularyong akademiko, hindi malinaw na pangunahing ideya, at kakulangan sa oras sa pagsulat.

Nakasandig ang Self-Learning Kit sa konstruktibistang pananaw nina Eggen at Kauchak, na nagsasaad na ang pagkatuto ay isang aktibong proseso kung saan ang mga mag-aaral ay bumubuo ng kaalaman sa pamamagitan ng makahulugan at aktibong karanasan sa pagkatuto (Lucas at Corpus, 2011). Alinsunod sa pananaw na ito, idinisenyo ang mga gawaing pampagkatuto upang mahikayat ang aktibong pakikilahok, malayang pagkatuto, pagninilay, at patuloy na pagpapaunlad ng kasanayan sa buong proseso ng pagsulat.

Inayos ang interbensiyong panturo sa magkakaugnay at progresibong mga bahagi ng pagkatuto na gumagabay sa mga mag-aaral mula sa pag-unawa sa kalikasan ng akademikong pagsulat hanggang sa pagbuo ng isang ganap na sanaysay na akademiko. Nagsisimula ito sa pagpapakilala sa akademikong pagsulat at pagsulat ng sanaysay, kasunod ang mga layunin sa pagkatuto na nakatuon sa tatlong pangunahing aspekto ng kasanayan sa akademikong pagsulat—nilalaman, organisasyon, at mekaniks. Inilalahad din sa interbensiyong panturo ang iba't ibang yugto ng proseso ng pagsulat, kabilang ang paunang paghahanda (prewriting), pagbuo ng burador (drafting), pagrerebisa (revising), at pag-eedit (editing), upang malinang ang kasanayan sa pagsulat sa pamamagitan ng isang sistematikong proseso sa halip na isang beses lamang na gawaing pagsulat.

Upang higit na mapagtibay ang pagkatuto, naglalaman ang interbensiyong panturo ng iba't ibang gawaing nakasentro sa mag-aaral, tulad ng pagtataya sa sariling kakayahan, pagtukoy sa mga kalakasan at kahinaan sa pagsulat, pagkilala sa mga karaniwang hamon sa akademikong pagsulat, gabay na pagbubuo ng mga ideya (*guided brainstorming*), pagsulat ng burador, pagrerebisa ng nilalaman, pagsusuri ng mekaniks, at paghahanda ng pinal na rebisadong sanaysay. Sa pamamagitan ng mga gawaing ito, nabibigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong mailapat ang iba't ibang estratehiya sa pagsulat, masubaybayan ang kanilang sariling pag-unlad, at higit pang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa akademikong pagsulat sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagsasanay at pagninilay. Kalakip din ng interbensiyong panturo ang isang analitikong rubrik sa pagmamarka at gawaing pampagninilay (*reflection activity*) upang maging gabay sa sariling pagtataya ng mga mag-aaral at sa pagtataya ng guro.

Higit pa rito, ang pagbuo ng interbensiyong panturo ay ginabayan ng mga simulain sa pagdidisenyo ng kagamitang panturo na inilalahad ni Ornstein, na nagbibigay-diin sa pagkakaugnay ng mga layunin sa pagkatuto at mga gawaing pampagkatuto, pagiging angkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral, pagbibigay ng makahulugang karanasan sa pagkatuto, malinaw na presentasyon ng nilalaman, at praktikal na gamit ng kagamitang panturo. Dahil dito, sistematikong idinisenyo ang Self-Learning Kit upang matugunan ang mga natukoy na pangangailangan sa akademikong pagsulat ng mga respondente, maisulong ang malayang pagkatuto, at higit pang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa akademikong pagsulat.

KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, lumitaw na nagkakaiba ang antas ng kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral sa unang taon ng Bachelor of Secondary Education (BSEd) na may medyor sa Filipino. Mas mataas ang antas ng kasanayan ng mga babaeng mag-aaral kaysa sa mga lalaking mag-aaral, lalo na sa mga aspekto ng nilalaman at organisasyon. Gayunpaman, parehong nakitaan ng kahinaan ang dalawang pangkat sa mekaniks ng pagsulat, at naranasan nila ang iba't ibang hamon sa

akademikong pagsulat, kabilang ang paulit-ulit na paglalahad ng mga ideya, kakulangan sa oras, limitadong bokabularyong akademiko, at hindi malinaw na pangunahing ideya.

Batay sa mga natukoy na pangangailangan ng mga mag-aaral, nabuo ang isang Self-Learning Kit bilang interbensiyong panturo na naglalayong mapataas ang kanilang kasanayan sa akademikong pagsulat. Ipinakikita ng pag-aaral na ang pagkakaroon ng angkop na kagamitang panturo, kasabay ng patuloy na paggabay ng guro at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral, ay mahalagang salik sa paglinang ng higit na mahusay, mapanuri, at mabisang mga manunulat sa antas tersyarya.

Batay sa mga natuklasan at konklusyon ng pag-aaral, inirerekomenda ang sumusunod:

1. Higit na bigyang-pansin ng mga guro ang pagpapaunlad ng mekaniks ng pagsulat sa pamamagitan ng mga karagdagang pagsasanay sa balarila, pagbabaybay, paggamit ng mga bantas, at iba pang kumbensiyon sa akademikong pagsulat.
2. Palakas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa nilalaman at organisasyon sa pamamagitan ng mga sistematikong gawaing pampagsulat, tulad ng ginabayang pagsulat ng sanaysay, pagbuo ng mga talata, at iba pang gawaing magpapalinang sa lohikal na pagdaloy at organisasyon ng mga ideya.
3. Hikayatin ang paggamit ng Self-Learning Kit at iba pang angkop na kagamitang panturo upang mapalawak ang bokabularyong akademiko, mapaunlad ang kasanayan sa akademikong pagsulat, at higit na mapataas ang interes at motibasyon ng mga mag-aaral sa pagsulat.
4. Magbigay ang mga guro ng tuloy-tuloy na paggabay, makabuluhang puna, at regular na pagtataya sa mga gawaing pampagsulat upang higit na mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral at mahubog silang maging mas mahusay, mas may tiwala sa sarili, at mas mabisang manunulat sa larangang akademiko.
5. Magsagawa ang mga susunod na mananaliksik ng mga kaugnay na pag-aaral na may mas malaking bilang ng mga kalahok o sa iba pang konteksto at programa upang mapalawak ang pag-unawa sa mga salik na nakaaapekto sa kasanayan sa akademikong pagsulat at makabuo ng higit pang mga interbensiyong panturo na nakabatay sa ebidensiya.

SANGGUNIAN

- Aitken, A., & Graham, S. (2023). Perceptions of choice in writing of university students. *Journal of Writing Research*, 15(2), 225–332. <https://doi.org/10.17239/jowr-2023.15.02.03>
- Alkema, E., Van Weijen, D., & Rijlaarsdam, G. (2023). Synthesis writing in science orientation classes: An instructional design studio. *Journal of Writing Research*, 15(1), 133–165. <https://doi.org/10.17239/jowr-2023.15.01.06>
- Barzilai, S., Tal-Savir, D., Abed, F., Mor-Hagani, S., & Zohar, A. R. (2021). Mapping multiple documents: From constructing multiple document models to argumentative writing. *Reading and Writing*, 36, 809–847. <https://doi.org/10.1007/s11145-021-10208-8>
- Castelló, M. (2022). Research writing, what do we know and how to move forward. In M. Gustafsson & A. Eriksson (Eds.), *Negotiating the intersections of writing and writing instruction* (pp. 89–122). WAC Clearinghouse. <https://doi.org/10.37514/INT-B.2022.1466.2.04>
- Clerigo, R. S. (2022). *Kaalaman sa pagsulat ng mga mag-aaral sa ikaapat na baitang sa pagkatutong modular sa panahon ng pandemya* [Unpublished master's thesis]. Sorsogon State University.



- De la Cruz, L. (2019). *Pagtuturo ng Filipino sa Baitang 4 alinsunod sa K to 12 Kurikulum* [Unpublished master's thesis]. Sorsogon State College.
- Deramas, M. F. (2022). *Antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng balita sa ikaanim na baitang special program in journalism* [Unpublished master's thesis]. Sorsogon State University.
- Du, H., & List, A. (2020). Researching and writing based on multiple texts. *Learning and Instruction*, 66, Article 101297. <https://doi.org/10.1016/j.learninstruc.2019.101297>
- Estur, A. J. (2018). *Impak ng Mother Tongue Based Multilingual Education sa pagsulat ng komposisyon* [Unpublished master's thesis]. Sorsogon State College.
- Ferris, D. R. (2002). *Treatment of error in second language student writing*. University of Michigan Press.
- Foroughi, B., Griffiths, M. D., Iranmanesh, M., & Salamzadeh, Y. (2021). Associations between Instagram addiction, academic performance, social anxiety, depression, and life satisfaction among university students. *International Journal of Mental Health and Addiction*, 20, 2221–2242. <https://doi.org/10.1007/s11469-021-00510-5>
- Franco, J. (2023). Beliefs and practices of academic reading and writing in researchers in training: A case study in Mexico. *Cuadernos de Investigación Educativa*, 14(1), Article e3311. <https://doi.org/10.18861/cied.2023.14.1.3311>
- Holdinga, L., Janssen, T., & Rijlaarsdam, G. (2021). The relationship between students' writing process, text quality, and thought process quality in 11th-grade history and philosophy assignments. *Written Communication*, 38(4), 1–43. <https://doi.org/10.1177/07410883211028853>
- Hyland, K. (2003). Genre-based pedagogies: A social response to process. *Journal of Second Language Writing*, 12(1), 17–29. [https://doi.org/10.1016/S1060-3743\(02\)00124-8](https://doi.org/10.1016/S1060-3743(02)00124-8)
- Hyland, K. (2007). Applying a gloss: Exemplifying and reformulating in academic discourse. *Applied Linguistics*, 28(2), 266–285. <https://doi.org/10.1093/applin/amm011>
- Hyland, K. (2008a). Disciplinary voices: Interactions in research writing. *English Text Construction*, 1(1), 5–22. <https://doi.org/10.1075/etc.1.1.03hyl>
- Hyland, K. (2008b). Genre and academic writing in the disciplines. *Language Teaching*, 41(4), 543–562. <https://doi.org/10.1017/S0261444808005235>
- Hyland, K., & Milton, J. (1997). Qualification and certainty in L1 and L2 students' writing. *Journal of Second Language Writing*, 6(2), 183–205. [https://doi.org/10.1016/S1060-3743\(97\)90033-3](https://doi.org/10.1016/S1060-3743(97)90033-3)
- Kim, C., & Crosthwaite, P. (2019). Disciplinary differences in evaluative language. *Journal of English for Academic Purposes*, 41, Article 100775. <https://doi.org/10.1016/j.jeap.2019.100775>
- Kolb, D. A. (1984). *Experiential learning: Experience as the source of learning and development*. Prentice Hall.
- Mingo, T. S. (2020). *Pagsulat sa Filipino sa piling larang: Akademik (Kuwarter 1 – Modyul 1: Ang kahalagahan ng pagsusulat at ang akademikong pagsulat)* [Learning module]. Department of Education.



- Ombao, J. B. (2025). *Pagdalumat sa mga diyalekto sa lalawigan ng Sorsogon* [Unpublished doctoral dissertation]. Bicol University.
- Sala-Bubaré, A., Castelló, M., & Rijlaarsdam, G. (2021). Writing processes as situated regulation processes: A context-based approach to doctoral writing. *Journal of Writing Research*, 13(1), 1–30. <https://doi.org/10.17239/jowr-2021.13.01.01>
- Strunk, W., Jr., & White, E. B. (2000). *The elements of style* (4th ed.). Longman.
- Swales, J. M. (1990). *Genre analysis: English in academic and research settings*. Cambridge University Press. [https://doi.org/10.1016/378-2166\(92\)90010-9](https://doi.org/10.1016/378-2166(92)90010-9)
- Vargas, A. B. (2023). *Bokabularyong Generation Alpha sa pakikipagtalastasang Filipino* [Unpublished master's thesis]. Sorsogon State University.